1

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lesson Exemplar for Grade 1

Quarter 3

Week 1

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Lesson Exemplar for Language Grade 1**
**Quarter 3: Week 1**

This material is intended exclusively for the use of teachers in the implementation of the MATATAG K to 10 Curriculum. It aims to assist in delivering the curriculum content, standards, and lesson competencies.

**The Intellectual Property Code of the Philippines** states that "No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties."

Borrowed materials (e.g., texts, illustrations, musical notations, photos, and other copyrightable, patentable contents) included in this learning resource are owned by their respective copyright and intellectual property right holders. Where applicable, DepEd has sought permission from these owners specifically for the development and printing of this learning resource. As such, using these materials in any form other than agreed framework requires another permission and/or licensing.

No part of this material, including its original and borrowed contents, may be reproduced in any form without written permission from the Department of Education.

Every care has been taken to ensure the accuracy of the information provided in this material. For inquiries or feedback, please call the Office of the Director of the Bureau of Learning Resources via telephone numbers (02) 8634-1072 and 8631-6922 or send an email to blr.od@deped.gov.ph.

The Department of Education would like to extend its sincere appreciation and gratitude to the United States Agency for International Development and RTI International through its ABC+ Project and UNICEF for supporting and providing technical assistance in the development of the MATATAG learning resources.

Published by the Department of Education
Secretary: Sonny M. Angara
Undersecretary: Gina O. Gonong

**Development Team**

**Writer:** Anne Tan Choi
**Content Reviewer:** Ellen Grace Fallarcuna - Fruelda
**Illustrator:** Ascer Abello Jr.
**Layout Artist:** Rodrigo V. Ignacio Jr.


**Management Team**

Bureau of Curriculum Development, Bureau of Learning Delivery, Bureau of Learning Resources

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **MATATAG**<br>**K to 10 Curriculum**<br>**Weekly Lesson Log** | Community | | Grade Level | 1 |
| | Name of Teacher | | Learning Area | English |
| | Teaching Dates and Time | | Quarter | 3 |

| | DAY 1 | DAY 2 | DAY 3 | DAY 4 |
|---|---|---|---|---|
| **I. CURRICULUM CONTENT, STANDARDS, AND LESSON COMPETENCIES** | | | | |
| *A. Content Standards* | The learners demonstrate ongoing development in decoding images, symbols, and content-specific vocabulary; they understand and create simple sentences in getting and expressing meaning about one's community and everyday topics (narrative and informational); and they recognize features of their language and other languages in their environment. | | | |
| *B. Performance Standards* | The learners use their developing vocabulary to communicate with others, respond to instructions, ask questions, and express ideas; and share personal experiences about one's community and content-specific topics. | | | |
| *C. Learning Competencies* | **LANG1LIO-I-1** Talk about personal experiences in community.<br><br>**LANG1LIO-I-2** Participate in classroom interactions using verbal and non-verbal responses.<br><br>a. Respond to teacher's one-step instructions<br><br>b. Ask questions<br><br>**LANG1LIO-I-3** Use common and socially acceptable expressions (e.g., greetings, leave-taking).<br><br>a. Use simple and appropriate personal greetings | **LANG1LIO-I-1** Talk about one' s personal experiences.<br>a. community<br>**LANG1LIO-I-2** Participate in classroom interactions using verbal and non-verbal responses.<br>a. Respond to teacher's one-step instructions<br>b. Ask questions<br>**LANG1LIO-I-3** Use common and socially acceptable expressions (e. g., greetings, leave-taking).<br>a. Use simple and appropriate personal greetings<br>b. Use familiar terms of address<br>c. Greet and respond appropriately to greetings | **LANG1LIO-I-1** Talk about one' s personal experiences.<br>b. content-specific topics<br>**LANG1LDEI-I-1** Express ideas using a variety of symbols (e. g., drawings, emojis, scribbles).<br>b. content-specific topics<br>**LANG1IT-I-3** Engage with or respond to a short-spoken text.<br>a. View or listen to spoken texts<br>b. Identify a variety of purposes for viewing and listening to texts<br>**LANG1LDEI-I-4** Use high-frequency and content-specific words referring to community. | **LANG1LIO-I-1** Talk about one' s personal experiences.<br>b. content-specific topics<br>**LANG1LDEI-I-1** Express ideas using a variety of symbols (e. g., drawings, emojis, scribbles).<br>b. content-specific topics: community<br>**LANG1IT-I-3** Engage with or respond to a short-spoken text.<br>a. View or listen to spoken texts<br>b. Identify a variety of purposes for viewing and listening to texts |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | b. Use familiar terms of address<br><br>c. Greet and respond appropriately to greetings<br><br>**LANG1LDEI-I-4** Use high-frequency and content-specific words referring to community. | | | |
| *D. Learning Objectives* | At the end of the lesson, the learner can:<br>a. respond accurately to instructions;<br>b. compose questions;<br>c. use appropriate greetings and expressions;<br>d. use familiar term of address; and<br>e. narrate experiences using the learned words about community. | At the end of the lesson, the learner can:<br>a. respond accurately to instructions;<br>b. compose questions;<br>c. use appropriate greetings and expressions;<br>d. use familiar term of address; and<br>e. narrate experiences using the learned words about community. | At the end of the lesson, the learner can:<br>a. share personal experiences about the topic<br>b. recall details in a story viewed or listened to for enjoyment and interest; and<br>c. point out the reason/s for choosing stories for enjoyment and interest. | At the end of the lesson, the learner can:<br>a. share personal experiences about the topic;<br>b. recall details in a story viewed or listened to for enjoyment and interest; and<br>c. point out the reason/s for choosing stories for enjoyment and interest. |
| **II. CONTENT** | | | | |
| **III. LEARNING RESOURCES** | | | | |
| *A. References* | | | Selepe, M. Billy to the Rescue<br>Billy to the Rescue<br>Calado, D. (2024) Si Billy, ang Magiting na Trak ng Bumbero<br>(translation for storyweaver.org) | Selepe, M. Billy to the Rescue<br>Billy to the Rescue<br>Calado, D. (2024) Si Billy, ang Magiting na Trak ng Bumbero<br>(translation for storyweaver.org) |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *B. Other Learning Resources* | lapis, tsart, papel, | lapis, papel, tsart | lapis, papel, tsart, kopya ng kwento | lapis, papel, tsart, kopya ng kwento |
| *C. Anchorage* | Pagiging magalang at pagpapakita ng respeto | | | |
| **IV. TEACHING AND LEARNING PROCEDURES** | | | | |
| **Before/Pre-Lesson Proper** | | | | |
| *Activating Prior Knowledge* | **Note:** When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they most understand.<br><br>**SAY:**<br>Pinag-aralan natin sa nakalipas na kuwarter ang mga araling nakapokus sa paaralan. Magbigay nga kayo ng mga halimbawa tungkol dito.<br><br>Tumawag ng limang mag-aaral. Iproseso ang kanilang mga sagot.<br><br>Ipakita ang larawan.<br> | **Note:** When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they most understand.<br><br>**SAY:**<br>Pinag-aralan natin kahapon ang mga salitang ginagamit sa pagbati, pasasalamat at pangungumusta sa mga tao sa ating komunidad. Magbigay nga kayo ng mga halimbawa tungkol dito.<br><br>Tumawag ng limang mag-aaral. Iproseso ang kanilang mga sagot.<br><br>Ipakita ang larawan.<br> | **Note:** When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they most understand.<br><br>**SAY:**<br>Pinag-aralan natin kahapon ang mga salitang ginagamit kapag tayo ay nagtatanong gayundin ang wastong katawagan sa mga taong tumutulong sa ating komunidad. Magbigay nga kayo ng mga halimbawa tungkol dito.<br><br>Tumawag ng limang mag-aaral. Iproseso ang kanilang mga sagot.<br><br>Say:<br>Sa ating pamayanan, ang lahat ay mayroong tungkuling ginagampanan.<br><br>Ano ang mga tungkulin na nagagampanan mo sa pamayanan? | **Note:** When you do this lesson, use the learners' L1 or the language they most understand.<br><br>**SAY:**<br>Napanood na ba ninyo ang inyong pamayanan sa isang balita?<br><br>Tungkol saan ang balita tungkol sa pamayanan?<br>Kung hindi pa, ano ang karaniwang balita tungkol sa pamayanan?<br><br>Ang mahahalagang pangyayari na nagaganap sa pamayanan ay nailalathala sa isang balita. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>**ASK:**<br>1. Kung nakasalubong mo ang doktor sa ospital ng inyong barangay, paano mo siya babatiin?<br>2. Nakita mong nagtatapon ng basura ang mga bata sa tamang tapunan, ano ang sasabihin mo?<br><br>Call learners to share their responses and experiences. | <br><br><br> | | |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | **ASK:**<br>1. Sino-sino ang mga nasa larawan?<br>2. Ano ang tawag natin sa kanila?<br>3. Ano-ano ang tungkulin nila sa pamayanan?<br><br>Call learners to share their responses and experiences. | | |
| *Lesson Purpose/Intention* | **SAY:**<br><br>Sa araw na ito, matututuhan ninyong gamitin ang angkop na mga salita sa pagbati, pasasalamat at pangungumusta sa mga taong makikita sa pamayanan. | **SAY:**<br><br>Sa araw na ito, pag-aaralan natin ang pag-aaral sa paggamit ng angkop na mga salita sa pagtatanong at pagtugon sa panuto ng inyong guro. Gayundin ang paggamit ng mga katawagan sa mga taong makikita sa pamayanan at ang pagbabahagi ng sariling karanasan sa pakikipag-usap tungkol sa isang paksa. | **SAY:**<br><br>Sa araw na ito ay magbabahagi kayo ng sariling karanasan tungkol sa pinag-uusapang paksa.<br><br>Susubukan ninyong sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwentong narinig. | **SAY:**<br><br>Sa araw na ito ay magbabahagi kayo ng sariling karanasan tungkol sa pinag-uusapang paksa.<br><br>Susubukan ninyong sagutin ang mga tanong tungkol sa balitang narinig. |
| *Lesson Language Practice* | **SAY:**<br><br>Pakinggan at ulitin ninyo ang mga salitang babanggitin ko.<br><br>Magandang umaga/tanghali/hapon/gabi<br>Maraming salamat<br>Walang anuman<br>Kumusta ka? | **SAY:**<br><br>Pakinggan at ulitin ninyo ang mga salitang babanggitin ko.<br><br>Punong-bayan<br>Puno/Kapitan ng barangay<br>Kagawad ng barangay<br>Doktor<br>Guro<br>Pulis<br>Bumbero<br>Abogado | **SAY:**<br><br>Pakinggan at ulitin ninyo ang mga salitang babanggitin ko.<br><br>bumbero<br>trak ng bumbero<br>sunog<br>pamayanan<br>sakuna | **SAY:**<br><br>Pakinggan at ulitin ninyo ang mga salitang babanggitin ko.<br><br>balita<br>pagtutulungan<br>pagsagip<br>responsable<br>tungkulin |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Let learners share their terms for these words, if they have different L1.<br><br>**SAY:**<br>Ang mga pangungusap na binanggit natin ay ginagamit sa pagbati, pasasalamat at pangungumusta. | Let learners share their terms for these words, if they have different L1.<br><br>**SAY:**<br>Ang mga salitang binanggit natin ay tumutukoy sa mga taong makikita natin sa ating komunidad o pamayanan. Isa-isahin natin ang tawag sa kanila.<br><br>Maliban dito, bigyang-pansin din natin ang mga salitang ginagamit sa pagbuo ng mga tanong tulad ng sino, ano, saan, kailan, bakit at paano at pagbibigay ng angkop na tugon sa mga panuto. | Punan ninyo ang mga pangungusap ng angkop na salita.<br><br>Ang ________ ay di maiiwasan subalit maaari pa rin tayong maghanda.<br><br>Ang __________ ay binubuo ng mga pamilya na magkakasama sa isang lugar.<br><br>Ang _____________ ay mayroong sirena upang marinig ng lahat.<br><br>Ang mga ____________ay umaapula ng sunog.<br><br>Nagsisimula ang _________ sa mga naiiwang bagay na gumagamit ng apoy. | Ipakita ang larawan ng mga sumusunod na salita.<br>Subukan ang mga bata na pagtambalin ang mga ito.<br><br>Pagbigayin ang mga bata ng mga salita na maiuugnay sa mga sumusunod na salita.<br><br>Hal: balita-radyo/pangyayari |
| **During/Lesson Proper** | | | | |
| *Reading the Key Idea/Stem* | Narrate the dialogue twice using the learners' L1.<br><br>Narito ang halimbawa ng isang panayam na maari mong gawin sa barangay.<br><br>**Bata:** Magandang hapon po, ako po si Ana. Kumusta po kayo? Nais ko lang po sanang magtanong tungkol sa mga | Narrate the dialogue twice using the learners' L1.<br><br>**ASK:**<br><br>Malaki ba ang **pamayanang** kinabibilangan mo?<br><br>Pakinggan ang usapan ng punong barangay at mga mamamayan. | Present the story for discussion.<br>Say:<br>Babasahin ko na ang kuwento.<br><br>Si Billy ay isang trak ng bumbero.<br>"Sunog! Sunog!" sigaw ng bumbero. | Present the text for discussion.<br><br>Pakinggan ang maiksing balita tungkol sa nangyaring sunog.<br><br>**Sunog sa Purok 5**<br><br>Isang malaking sumunog sa gubat |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | programa para sa mga bata rito sa ating barangay.<br><br>**Punong-baranggay:** Magandang hapon naman. Mabuti naman ako, Ana. Mayroon tayong mga pampublikong silid-aklatan na humihikayat sa mga bata na magbasa ng libre.<br><br>**Bata:** Wow! Napakaganda po ang proyektong ito lalo na sa mga batang hindi kayang bumili ng libro.<br><br>**Punong-baranggay:** Tama ang sinabi mo. Ang mga bata na walang oras o kakayahan ang mga magulang na paaralan sila ay maaaring pumunta sa mga pampublikong silid-aralan ng lungsod.<br><br>**Bata:** Maraming salamat po sa inyong oras.<br><br>**Punong-baranggay:** Walang anuman. Mahalaga na alam ninyo ang inyong mga Karapatan bilang bata. | **Mamamayan 1:** Kapitan, paano po kami makatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan sa ating pamayanan?<br><br>**Punong- baranggay:** Sa susunod na lingo ay magkakaroon tayo ng pagpupulong tungkol dito.<br><br>**Mamamayan 2:** Sige, Kapitan. Makaaasa kayo sa aming pagdalo.<br><br>**Punong- baranggay:** Lahat ba kayo ay nakakuha ng impormasyon sa wastong pagtatapon ng basura.<br><br>**Mamamayan 3:** Oo, Kapitan. Marami kaming natutuhan para matulungan din ang ating mga basurero sa kanilang tungkulin. | "Naku, sunog na naman!""Halina kayo", tawag ng isa pa.<br>Gustong-gusto ni Billy malinis at makintab siya."Ayoko madumihan," sabi ni Billy sa sarili.<br>"Billy, kailangan ka ng mga hayop," tawag ng mga bumbero.<br>"Billy, kailangan ka ng mga halaman at ng buong pamayanan", tawag ng lahat.<br>"Billy, isa itong malaking sakuna. Kailangan ka ng lahat!" pakiusap nila kay Billy.<br>"Pakisuyo na, Billy. Kailangan ka ng lahat!<br>"Ganoon ba ako kahalaga?"<br>"Oo, Billy. Kaya halika na. Wala na tayong oras!"<br>"Salamat, Billy! Isa kang bayani!"<br><br>Sa inyong nabasang kuwento na tungkol sa trak ng bumbero na si Billy, hindi agad niya naisip na tumulong. Ayaw niyang dumumi ang kanyang katawan sa pag-apula ng apoy. Sa huli ay alam niya ang halaga ng kanynag tungkulin kaya ginawa niya ang dapat niyang gawin. | ang nagbigay ng labis nap ag-aalala sa mga tao sa Purok 5.<br><br>Pinaniniwalaan na nagsimula ang sunog sa gubat, ika-anim ng gabi noong Oktubre 27 ng kasalukuyang taon. Ang sunog ay dala ng labis na init ng panahon.<br><br>Nagtakbuhan ang mga hayop at naalarma ang mga tao na agad na humingi ng tulong sa estasyon ng bumbero.<br><br>Hindi nag-alala ang mga tao sapagkat alam nil ana bagong-bago ang kanilang trak ng bumbero na si Billy.<br><br>Nang masabihan si Billy ay nag-isip ito saglit. Patuloy na nakiusap at nangumbinsi kay Billy ang mga tao at hayop sa pamayanan kaya agad itong pumunta sa lugar ng sunog. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Nailigtas niya ang mga nasunugan.<br><br>Ano ang naging dahilan ng kanyang pagtanggi noong una na apulahin ang apoy?<br><br>Nagkaroon na ba kayo ng karanasan na inisip ninyo ang inyong kaligtasan? Sino ang gustong magbahagi? | Mabilis na nakarating si Billy at agad na binugahan ng tubig ang lumalaking apoy.<br><br>Hindi nagtagal at napuksa na ang apoy. Nagsigawan sa tuwa ang mga tao at labis ang pasasalamat nila sa mga bumbero at kay Billy.<br><br>Ano ang mahalagang pangyayari na laman ng balita? |
| *Developing Understanding of the Key Idea/ Stem* | Answer the following questions:<br><br>**ASK:**<br>1. Paano kinausap ni Ana ang kanilang punong-barangay?<br>2. Maayos ba ang paraan ng pagtatanong ni Ana?<br>3. Tungkol saan ang kanilang napag-usapan?<br>4. Paano natapos ang kanilang pag-uusap?<br><br>**SAY:**<br>Ang sumusunod na pangungusap ay nagpapakita paggamit ng angkop na salita | Answer the following questions:<br><br>**ASK:**<br>1. Ano ang nais malaman ng mamamayan mula sa puno ng kanilang barangay?<br>2. Ano ang kaniyang naging tugon?<br>3. Paano makatutulong sa mamamayan ang isinagawang pagpupulong?<br><br>**SAY:**<br>Pansinin ang salitang Kapitan o puno ng barangay, ito ang tawag natin sa | Babasahin kong muli ang kuwento, sa aking pagbasa ay maging handa kayo na sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwento.<br><br><br><br>Magbigay kayo ng dalawang dahilan kung bakit | Ngayon ay tatalakayin nating muli ang balita.<br><br>Sagutin ninyo ang mga tanong tungkol sa balita.<br><br>Kailan naganap ang sunog?<br><br>Sino ang unang nakakita ng sunog?<br><br>Saan nagsimula ang sunog?<br><br>Bakit nag-isip si Billy kung tutulong siya agad? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sa pagbati, pangungumusta at pasasalamat.<br><br>Magandang hapon po. Ako po si Ana. Kumusta po kayo?<br><br>Magandang hapon naman. Mabuti naman ako, Ana.<br><br>Maraming salamat po sa inyong oras.<br>Walang anuman.<br><br>Maaari ring magdagdag ng iba pang magagalang na pananalita kung kinakailangan. | namumuno o namamahala sa ating pamayanan.<br><br>Maliban sa kaniya, makikita rin natin sa ating pamayanan ang mga guro, pulis, bumbero na kadalasang tinatawag na Ma'am o Sir. Dok naman sa doctor at Attorney/Atty. sa abogado. | nagdadalawang isip si Billy na tumulong?<br><br><br><br>Ano ang dalawang naging solusyon ng mga tao sa pamayanan habang hinihintay si Billy? | Paano nagtulungan ang mga tao sa pamayanan upang masugpo ang apoy? |
| *Deepening Understanding of the Key Idea/Stem* | Mula sa nabasa ninyong dayalogo ng batang si Ana at ng punong-baranggay, nakita ninyo ang kahalagahan ng pagtatanong at paggamit ng magagalang na pananalita.<br><br>Hahatiin ko kayo sa mga grupo. Mag-isip kayo ng isang suliranin sa inyong pamayanan na gusto ninyong mahanap ng sagot o solusyon. Magtala kayo ng limang tanong na maaaaring maitanong sa opisyal ng | Provide more activities to master the target skills.<br><br>Sa pagbuo ng mga tanong, gumagamit din tayo ng mga salitang pananong.<br><br>Pangkatin sa lima ang klase. Bumuo ng mga tanong gamit ang mga salitang pananong.<br><br>Pangkat 1: Sino ___________?<br>Pangkat 2: Ano ___________?<br>Pangkat 3: Saan ___________?<br>Pangkat 4: Kailan __________?<br>Pangkat 5: Bakit ___________? | Provide more activities to master the target skills.<br><br>Sa mga naunang gawain ay sumagot kayo ng mga tanong tungkol sa kuwento.<br><br>Para sa bahaging ito, magkakaroon kayo ng pagkakataon na kumbinsihin si Billy na mahalaga ang papel na ginagampanan niya sa pamayanan. Ano ang mga tanong na maaaaring | Provide more activities to master the target skills.<br><br>Basahin nating muli ang balita. Sagutin ninyo ang mga tama o mali na impormasyon mula sa balita.<br><br>**Pagbasa ng Balita** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pamahalaan o ng punong-barangay.<br><br>**Gawain 2:**<br>Itaas ang kanang kamay kung ang mga pangungusap ay nagsasabi ng katotohanan tungkol sa napag-aralang ideya at kaliwang kamay naman kung hindi.<br><br>1. Nakakukuha tayo ng sagot sa mga tanong.<br>2. Sa pakikipag-usap, dapat gumamit ng magagalang na pananalita.<br>3. Paulit-ulit lamang dapat ang mga tanong at walang pagkakaiba.<br>4. Sa pagsagot ng mga tanong, hindi mahalaga ang pagsunod sa mga panuto.<br>5. Kung gusto nating malaman ang sagot sa isang bagay, maaari tayong magtanong. | Pagkatapos, ibahagi ito sa klase. | itanong kay Billy upang makumbinsi siya na gawin ang kanyang trabaho?<br><br> | ____ 1. Nagsimula ang sunog sa gitna ng gubat.<br><br>_____ 2. Isang napabayaang gamit sa bahay ang pinagsimulan ng sunog.<br><br>_____ 3. Nabahala ang mga tao sa nagaganap na sunog.<br><br>______ 4. Mabilis na nakarating si Billy dahil bagong trak siya.<br><br>_____ 5. Hindi na nakapagpasalamat kay Billy ang mga tao sa pamayanan. |
| **After/Post-Lesson Proper** | | | | |
| *Making Generalizations and Abstractions* | Make a synthesis of the skills learned in this lesson.<br><br>Paano natin maipakikita ang paggalang sa mga taong | Make a synthesis of the skills learned in this lesson.<br><br>Sa mga naging talakayan sa aralin na ito, nabatid natin ang kahalagahan ng pagtatanong. | Make a synthesis of the skills learned in this lesson.<br><br>Sa mga naunang araw ay nahasa kayo sa paggawa at pagsagot ng tanong. | Make a synthesis of the skills learned in this lesson.<br><br>Sa mga gawain sa araling ito ay nahasa ang inyong kaalaman |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>nakikita natin sa ating pamayanan?<br><br>Natutuhan din ninyo ang kahalagahan ng paggamit ng magagalang na pananalita sa pakikipag-usap sa kapwa.</td>
<td>Ano ang mahusay na paraan upang makagawa ng tanong?</td>
<td>Ano ang mahahalagang naitutulong sa atin ng pagtatanong at pagsagot sa mga tanong?</td>
<td>sa pagtukoy sa lokasyon ng detalye ng balita.<br>Ano-ano ang mga panimulang tanong upang matukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa kuwento?</td>
</tr>
<tr>
<td>Evaluating Learning</td>
<td>Provide an exercise which can gauge the learners understanding of the lesson.<br><br>Maghanap ng kapareha. Bumuo ng simpleng usapan gamit ang mga salita/ parirala/ pangungusap na ating pinag-aralan.<br><br>Magandang umaga/tanghali/hapon/gabi<br>Maraming salamat<br>Walang anuman<br>Kumusta ka?<br><br>Maaari ring magdagdag ng iba pang magagalang na pananalita kung kinakailangan.</td>
<td>Provide an exercise which can gauge the learners understanding of the lesson.<br><br>Suriin ang larawan at bumuo ng mga tanong tungkol dito.<br><br><br><br>Sino ang ______________?</td>
<td>Provide an exercise which can gauge the learners understanding of the lesson.<br><br>Piliin ang mga tanong sa tamang sagot.
<table>
<tr><td>Ano ang nangyari sa pamayanan ni Billy?</td><td>¨</td><td>©</td><td>Nakiusap ang mga tao at hayop kay Billy.</td></tr>
<tr><td>Saan nagsimula ang sunog?</td><td>¨</td><td>©</td><td>Labis na nakiusap ang mga tao at hayop sa kanya.</td></tr>
<tr><td>Sino ang nakiusap kay Billy na</td><td>¨</td><td>©</td><td>Nagkaroon ng sunog sa pamaya</td></tr>
</table></td>
<td>Provide an exercise which can gauge the learners understanding of the lesson.<br><br>Basahin ang maikling balita tungkol sa parangal kay Billy at sagutin ang mga tanong tungkol dito.<br><br>Ang Parangal kay Billy<br><br>Oktubre 30, 2024—sa Purok 5, natipon ang lahat para sa paraangal kay Billy.<br><br>Isang maikling parada ang kanyang gagawin upang malibot ang buong pamayanan upang</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td></td>
<td>Ano ang _______________?<br><br>Saan _________________?<br><br>Kailan ________________?<br><br>Bakit _________________?</td>
<td>
<table>
<tr><td>tumulong?</td><td></td><td></td><td>nan ni Billy.</td></tr>
<tr><td>Paano nakumbinsi si Billy na tumulong?</td><td>¨</td><td>©</td><td>Naisip ni Billy na tumulong noong naisip niya ang halaga niya sa pamayanan.</td></tr>
<tr><td>Kailan naisip ni Billy na tutulong siya?</td><td>¨</td><td>©</td><td>Nagsimula ang apoy sa gubat.</td></tr>
</table>
</td>
<td>malaman nila ang kabayanihan ni Billy.<br><br>Bibigyan siya ng sertipiko at medalya para sa kanyang magiting na pagliligtas sa mga hayop at tao sa pamayanan.<br><br>Magkakaroon ng maliit na salo-salo para sa lahat ng gustong dumalo sa parangal.<br><br>Bilugan ang tamang sagot sa bawat bilang.<br><br>1. Sino ang paparangalan?<br>2. Ano ang unang mangyayari sa parangal?<br>3. Saan magaganap ang parangal?<br>4. Bakit paparangalan si Billy?<br>5. Paano magtatapos ang parangal?</td>
</tr>
<tr>
<td>Additional Activities for Application or</td>
<td>Hatiin ang klase sa grupo. Bawat grupo ay pipili ng isa sa mga larawan na ibibigay ng</td>
<td>Hatiin ang klase sa grupo. Bawat grupo ay pipili ng tao sa pamayanan na gusto</td>
<td>Hatiin ang klase sa grupo. Bawat grupo ay magiisip ng isang sakuna na dapat</td>
<td>Hatiin ang klase sa grupo. Bawat grupo ay mag-iisip ng isang</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Remediation (if applicable)* | guro. Susulat ang bawat grupo ng tanong sa larawan.<br><br>Magiging handa ang bawat grupo na mag-ulat sa klase. | nilang kausapin. Pag-aaralan nila ang mga tanong na itatanong sa napiling tao.<br><br>1. Ano po ang inyong posisyon sa pamayanan?<br>2. Sa paanong paraan kayo nakakatulong sa pamayanan?<br>3. Anong tulong po ang magagawa naming bilang bata para sa inyong proyekto or gawain? | paghandaan. Pipili sila ng isang tao na maaaring tanungin para sa paghahanda sa sakuna na ito. | pangyayari na gusto nilaang ibalita. Gagawa muna sila ng buod sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong:<br>Sino ang pag-uusapan sa balita?<br><br>Ano ang sasabihin tungkol sa taong pag-uusapan?<br><br>Kailan magaganap ang balita?<br><br>Bakit magaganap ang balitang ito?<br><br>Paano magaganap ang pagtatapos ng balita? |
| *Remarks* | | | | |
| *Reflection* | | | | |

Prepared by:

______________________
Subject Teacher

Reviewed by:

______________________
Master Teacher/Head Teacher

Approved by:

______________________
Community Head